Paano magtayo ng COMMUNITY PANTRY/ BODEGANG BAYAN sa'yong lugar?

Magtawag ng mga kaibigan, kapamilya, kabarangay!

tip! Magtanong sa pamilya o mga kapitbahay kung may kakilala silang gustong tumulong! Makakatulong ang gumawa ng group chat (GC) at siguruhing handang tumulong ang mga kasama. Baka okay ring mag-post sa Facebook o ibang social media kung gusto nilang tumulong!

Alamin kung ano ang mga kailangan para magsimula.

tip! Maglista at mag-imbentaryo sa Excel o papel. Maliban sa pagkain o gustong ipamahagi, isulat din ang mga kagamitang kailangan ninyo ng mga kasama mong magtayo ng bodegang bayan.

Maghanap ng pwesto na madalas daanan.

tip! Pumili ng lugar na madali ninyong mapupuntahan ng mga kasama mo. Kung maraming dumadaan sa inyo, baka okay nang magsimula sa tapat o labas ng bahay mo! Kailangan din ng address na ibibigay sa ibang gustong magbahagi.



Maglatag!

tip! Pwede gamitin ang kahit anong mayroon kayo, gaya ng mga lumang shelf, lalagyanan ng sapatos, o kahit mga kahon at ibang pwedeng gamiting patungan. Maglagay ng karatula na nagpapaliwanag kung ano ang bodegang bayan! Maging creative! Imbitahan ang mga taong kumuha ayon sa mga kailangan nila at magbigay ng kung anong kaya nila.